## Ano ang “spenddown?”

Kahit na ang iyong kita ay masyadong mataas upang maging kuwalipikado para sa Medicaid sa iyong estado, maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa Medicaid bilang “medikal na nangangailangan” kung ang iyong mga medikal na gastos ay mas mataas kaysa sa iyong magagamit na kita. Kapag ang pagbabawas ng iyong mga medikal na gastos at pagbabahagi ng gastos (tulad ng mga copayment) ay nagpapababa ng iyong kita sa isang antas na kuwalipikado ka para sa Medicaid, ang prosesong ito ay tinatawag na isang “spenddown.”

Upang maging karapat-dapat bilang “medikal na nangangailangan,” ang iyong mga mapagkukunan (tulad ng mga savings account at mga sertipiko ng deposito) ay kailangang mas mababa kaysa sa limitasyon ng iyong estado. Tawagan ang tanggapan ng Medicaid sa estado mo para makita kung kuwalipikado at matuto kung paano mag-apply.

## Alamin ang mga karapatan mo

- Kung natanggihan ka ng mga benepisyong Medicaid at tumatanggi sa desisyong ito, maaari kang magsampa ng apela.
- Ang mga taong may Medicaid ay may karapatang mapanatiling pribado ang mga pangkalusugang tala nila.
- Dapat saklawin ng Medicaid at makipag-ayos para sa maraming medikal na kailangang serbisyo para sa mga batang nararapat sa Medicaid, kahit na hindi karaniwang sasaklawan ng estado ang mga serbisyo sa ilalim ng programang Medicaid na ito.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

## Saan ko makukuha ng higit pang impormasyon?

- **Para makita kung ikaw o ang miyembro ng pamilya mo ay kuwalipikado para sa Medicaid**, pumunta sa Medicare.gov/talk-to-someone para makuha ang numero ng telepono para sa tanggapan ng Medicaid ng estado mo. Una, piliin ang estado mo mula sa drop-down sa ilalim ng “Saang estado ka nakatira?” at mag-click sa “Go.” Dadalhin ka sa pahina na may impormasyon sa pagkontak na partikular para sa estado mo. Pagkatapos, sa kaliwang panig na hanay ng pahinang iyon, pumili ng “Mga ibang programa ng insurance,” at hanapin ang tekstong “programang Medicaid” sa ilalim ng hyperlink, sa listahan ng mga opsiyon. Maaari mo ring tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para makuha ang numero ng telepono para sa tanggapan ng Medicaid ng estado mo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Pumunta sa HealthCare.gov/medicaid-chip o Medicaid.gov pata matuto pa tungkol sa Medicaid.

Ang mga adult na nasa pagitan ng 19 at 64 na walang mga anak o kapansanan at may kita na hanggang $17,774 (para sa 1 tao) o $36,570 (para sa pamilya ng 4) sa 2021, ay maaaring kuwalipikado para sa Medicaid. Ang lebel ng kita ay mas mataas para sa couples o kung may mga anak kayo. Ang mga bata sa mga pamilya na may kitang masyadong mas mataas para maging kuwalipikado para sa Medicaid ay maaaring nararapat para mag-enroll sa Children’s Health Insurance Program (CHIP) ng estad nila. Kung naka-enroll ka sa Medicaid ngayon, wala kang anumang bagong kailangang gawin. Ang mga basic na patakaran tungkol sa pagsasaklaw sa iyo, mga karapatan, at mga proteksiyon sa ilalim ng Medicaid ay hindi magbabago. Magtanong sa opisina ng Medicaid ng estado mo, o pumunta sa HealthCare.gov para matutunan ang higit pa tungkol sa mga opsyon sa pagsasaklaw para sa iyo at sa pamilya mo.

“Medicaid: Getting Started” ay hindi isang legal na dokumento. Ang opisyal na legal na gabay sa Programang Medicaid ay nasa mga makabuluhang batas, regulasyon at mga kautusan.

# Medicaid

PAGSISIMULA





## Intindihan ang mga basic ng Medicaid

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S..

CMS Product No. 11409-T (Tagalog)
Revised November 2021

CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

# Magsimula tayo

## Ano ang Medicaid?

Ang Medicaid ay isang magkasanib na programang pederal at estado na tumutulong sa mga gastos sa medikal para sa ilang taong may limitadong kita at mga mapagkukunan. Maaari ding mag-alok ang Medicaid ng mga benepisyong hindi karaniwang saklaw ng Medicare, tulad ng pangangalaga sa nursing home at mga serbisyo sa personal na pangangalaga. Kung mayroon kang Medicare at kuwalipikado ka para sa Medicaid sa estado mo, awtomatiko kang kuwalipikado paea sa Extra Help sa pagbabayad ng coverage ng Medicare sa gamot.

## Paano ito gumagana?

Sa loob ng malawak na mga alituntuning pederal, ang bawat estado ay nagpapasya kung paano patakbuhin ang programang Medicaid nito, kabilang ang itinuturing na kita at mga mapagkukunan, kung sino ang karapat-dapat, anong mga serbisyo ang sinasaklaw, at ang gastos para sa mga serbisyo. Gumagamit ang ilang estado ng iba't ibang pangalan para sa kanilang mga programang Medicaid, tulad ng Medi-Cal sa California o TennCare sa Tennessee.

## Paano ako makakakuha ng Medicaid?

Kung hindi mo kayang bayaran ang pangangalagang medikal na kailangan mo, dapat kang mag-aplay para sa Medicaid sa estado kung saan ka nakatira. Tinutukoy ng mga estado ang iyong pangangailangan batay sa iyong kita at mga mapagkukunan. Ang mga patakaran para sa pagbibilang ng iyong kita at mga mapagkukunan ay nag-iiba ayon sa estado. Kasama sa mga mapagkukunan na dulugan ang mga bagay tulad ng pera sa checking o savings account, stocks, at bonds. Mayroon ding mga espesyal na alituntunin para sa mga taong nakatira sa mga nursing home at para sa mga batang may kapansanan na nakatira sa bahay. Kung nag-aplay ka at naaprubahan para sa Medicaid, makakakuha ka ng liham ng pag-apruba, at maaari ka ring makakuha ng card na gagamitin kapag nakakuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.



## Paano ko malalaman kung kuwalipikado ako?

Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng limitadong kita at mga mapagkukunan, may iba pang mga kinakailangan na kailangan mong matugunan para sa iyong estado. Kapag nag-apply ka, maaaring tanungin ka ng mga tanong na ito upang makatulong na matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat sa Medicaid:

- Gaano katanda ka na?
- Buntis ka ba?
- Ikaw ba o ang anak mo ba ay mas bata sa 19?* O, ikaw ba ay ang tagapag-alaga ng batang may Medicaid?
- Mayroon ka bang kapansanan o pagkabulag?
- Ikaw ba ay mamamayan ng U.S. o imigrante na nakatutugon sa ilang mga inaatas?
- Sa kasalukuyan ba ay mas bata ka sa 26 at nasa foster care bago gn ika-18 mong kaarawan?

**Tala:** Maaari kang maging kwalipikado sa ilalim ng mga panuntunan sa "spenddown" ng Medicaid (inilarawan sa bandang huli ng brochure na ito), kahit na mas mataas ang iyong kita kaysa sa mga antas ng kita ng Medicaid ng iyong estado.

## Ano ang babayaran ko?

Ang babayaran mo para sa coverage ay depende sa mga tuntunin ng iyong estado. Maaaring kailanganin mong magbayad ng maliit na bahagi ng iyong mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan (tulad ng isang copayment). Kung kwalipikado ka para sa parehong Medicare at Medicaid, sasaklawin ang karamihan sa iyong pangangalagang pangkalusugan at mga gastos sa inireresetang gamot.

## Ano ang nasasaklawan?

Sa pangkalahatan, sinasaklawan ng Medicaid ang:

- Inpatient na serbisyo sa ospital
- Outpatient na serbisyo sa ospital
- Mga serbisyong kaugnay ng pagbubuntis
- Mga bakuna para sa mga bata
- Mga serbisyo ng doktor
- Mga de-resetang gamot
- Mga serbisyo ng nursing home
- Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya at mga supply
- Mga serbisyo ng klinika para sa rural na kalusugan
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan
- Mga serbisyong test sa laboratoryo at X-ray
- Mga serbisyo ng pediatric at family nurse practitioner
- Mga serbisyo ng nurse-midwife
- Mga serbisyo ng pederal na kuwalipikadong sentro ng kalusugan
- Malawak na saklaw ng mga serbisyo para sa mga batang mas bata sa 21
- Kailangang transportasyon papunta sa at mula sa mga tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan

**Tala:** Mapipili ng mga estadong saklawan ng mas maraming serbisyo kaysa sa mga nakalista sa itaas. Magtanong sa iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) para sa listahan ng kung ano ang sinasaklawan ng estado mo. Pumunta sa Medicare.gov/talk-to-someone, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para makuha ang numero ng telepono ng tanggapan ng Medicaid ng estado mo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048. Pumunta sa Medicaid.gov o HealthCare.gov para matuto tungkol sa mga opsiyon sa pagsasaklaw para sa iyo at sa pamilya mo.